

## PRAYER

- Pasalamatán si Jesús sa pagpapalaya at pagbabago sa iyo sa pamamagitan ng Kanyang kakayahang makapagligtas. Hingin sa Kanya na mas makilala mo Siya habang sumusunod ka sa Kanya.
- Hingin sa Diyos na mas lumalim ang pagkakaintindi mo sa ibinibigay Niyang kalayaan mula sa pagpapahirap. Ipanalangin na magkaroon ka ng tapang upang ihinto ang pagpapalaya sa iyong sarili, at hayaan Siya na palayain ka nang ganap.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon upang maibahagi ang mapagpalayang kapangyarihan ni Jesús sa iyong mga kapamilya o kaibigan ngayong linggo. Hingin sa Diyos na bigyan ka ng kakayahan na magbahagi ng ebanghelyo sa lahat ng oras nang buong tapang.

## NOTES

---



---



---



---



---



---



---



---



---



---



---



© 2018 by VICTORY®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®  
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa  
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

FILIPINO WEEK 2

# RE:NEW

**Si Jesús at ang Lalaking Sinaniban  
ng Masamang Espiritu**

## WARM-UP

- Ano ang isang talento na gustong-gusto mong magkaroon? Bakit mo ito gusto?
- Naranasan mo na bang hindi magtagumpay sa pag-aayos ng isang bagay na nasira? Ano ang nangyari?
- Pangalanan ang isang tao na tumulong sa iyo sa oras ng pangangailangan. Ano ang pinakapinagpapasalamatán mo sa taong ito?

## WORD

*Pero hindi pumayag si Jesús. Sa halip, sinabi niya sa lalaki, “Umuwi ka sa pamilya mo at sabihin mo sa kanila ang lahat ng ginawa sa iyo ng Panginoon at kung paano ka niya kinaawaan.”* **MARCOS 5:19**

(Basahin din ang **MARCOS 5:1-20.**)

Ang kuwento ng lalaking sinaniban ng masamang espiritu ay nagbibigay sa atin ng larawan ng isang espirituwal na pagpapahirap na naranasan ng isang lalaki. Subalit, nang makatagpo niya si Jesús, siya ay naging malaya at naibalik sa tamang katinuan, na naging dahilan ng pagbabahagi niya ng ginawa sa kanya ni Jesús sa maraming mga bayan.

1

**Maaari tayong dumanas ng espirituwal na pagpapahirap.**

*Nagsisisigaw siya araw at gabi sa mga libingan at kaburulan, at sinusugatan ang sarili ng matatalas na bato. MARCOS 5:5*

Ang kagustuhan, kaisipan, at katawan ng lalaki ay nahihirapan at naapektuhan ng isang masamang espiritu. Ang masamang espiritu na ito ang dahilan kung bakit siya may kakaibang kalakasan, namumuhay ng nakahubad sa mga libingan, nananakit ng sarili, at nagsisisigaw araw at gabi. Hindi niya kayang palayain ang kanyang sarili, at wala ring ibang kayang pumigil at magpalaya sa kanya. May mga kaisipan at sitwasyon na nagpapahirap sa atin, nagpapalugmok ng ating mga espiritu, at nakaaapekto sa paraan natin ng pamumuhay. Ano ang ilan sa mga pangamba, kaugalian, o pagdududa na nagpapahirap sa atin? Mayroon bang pagkakataon na sinubukan mong palayain ang sarili mo sa mga pagpapahirap na ito?

.....  
.....

2

**Tanging si Jesus ang may kapangyarihan upang mapalaya tayo mula sa espirituwal na pagpapahirap.**

*Pagdating nila kay Jesus, nakita nila ang taong dating sinasaniban ng kawan ng masasamang espiritu. Nakaupo siya at nakadamit, at matino na ang pag-iisip. Kaya natakot ang mga tao.*

**MARCOS 5:15**

Tinawag ng masamang espiritu ang kanyang sarili na Kawan dahil marami silang nagpapahirap sa lalaki. Ginawa ni Jesus ang hindi kayang gawin ng sinuman—pinaalis Niya ang masamang espiritu sa katawan ng lalaki. Masyadong malakas ang masamang espiritu na nagpapahirap sa lalaki kung kayat nang makita ng mga tao ang nangyari, sila ay natakot. Subalit hindi lamang pinalaya ni Jesus at ibinalik ang lalaki sa tamang pag-iisip. Dinamitan din Niya ito. Paano tayo dapat tumugon sa mapagpalayang kapangyarihan ni Jesus at sa dakila Niyang pagkaawa sa atin?

.....  
.....

3

**Dahil si Jesus ay nagpapalaya, maaari nating ipahayag ang ginawa Niya para sa atin.**

<sup>19</sup>*Pero hindi pumayag si Jesus. Sa halip, sinabi niya sa lalaki, "Umuwi ka sa pamilya mo at sabihin mo sa kanila ang lahat ng ginawa sa iyo ng Panginoon at kung paano ka niya kinaawaan."*  
<sup>20</sup>*Kaya umalis ang lalaki at ipinamalita sa Decapolis, ang ginawa sa kanya ni Jesus. At namangha ang lahat ng nakarinig tungkol sa nangyari. MARCOS 5:19,20*

Gusto ng lalaki na sumunod kay Jesus saan man siya papunta, subalit sinabihan siya ni Jesus na ibahagi ang mabuting balita sa kanyang mga kababayan sa pamamagitan ng pagsabi sa kanila tungkol sa lahat ng ginawa ng Panginoon para sa kanya at sa pagmamahal ng Diyos. Ang plano ni Jesus sa lalaki ay higit pa sa palayain siya mula sa masamang espiritu. Kasama rito ang kanyang mga kaibigan, at ang mga komunidad sa paligid niya. Sino sa mga kakilala mo ang sinasabi ng Diyos na bahaginan mo ng ebanghelyo?

.....  
.....

**APPLICATION**

- Naranasan mo na ba ang kaligtasan na ibinibigay ni Jesus sa pamamagitan ng pagtanggap sa Kanya bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas? Gusto mo ba itong gawin ngayon?
- Ano ang isang bahagi ng buhay mo na sa tingin mo ay isang pahirap kung saan kailangan mong hingin ang kalayaang mula sa Diyos? Sino ang isang taong maaaring manalangin para sa iyo tungkol sa bagay na ito ngayong linggo?
- Mayroon ka bang kapamilya o kaibigan na gusto mong bahaginan ng mapagpalayang kapangyarihan ni Jesus? Paano mo maibabahagi sa kanila ang ebanghelyo ngayong linggo?